



NILALAMANGANKA SA TRABAHO?

Alamin ang iyong mga karapatan: Ang malubhang panlalamang sa trabaho ay maaaring isang krimen.

Ang masamang pagtatrato sa lugar ng trabaho ay maaaring isang krimen. Ang pang-aalipin, sapolitang pagpapatrabaho, hindi legal na pagpaparating ng tao para sapolitang pagtrabahuin o panlalamang na sekswal, at pagkakatali sa utang na binabayaran ng pagtatrabaho o serbisyo ng walang taning na panahon ay lahat mga krimen sa Australya.

Telepono: (+61 2) 9514 8115 | Email: antislavery@uts.edu.au | facebook.com/AntiSlaveryOz | antislavery.org.au

SLAVERY HAPPENS HERE IN AUSTRALIA

ANTI-SLAVERY
AUSTRALIA
WORKING TO ABOLISH SLAVERY

CITY OF SYDNEY

UNIVERSITY OF
TECHNOLOGY SYDNEY

ALAMIN ANG IYONG MGA KARAPATAN

Ang masamang pagtatrato sa lugar ng trabaho ay maaaring isang krimen. Ang pang-aalipin, sapilitang pagpapatrabaho, hindi legal na pagpaparating ng tao para sapilitang pagtrabahuhin o panlalamang na sekswal at pagkakatali sa utang na binabayaran ng pagtatrabaho o serbisyo ng walang taning na panahon ay lahat mga krimen sa Australya.

MGA PALATANDAAN NG PANLALAMANG

- Sapilitang pinapagtrabaho Inaabuso o may-takot sa iyong amo
- Tinakot o sinaktan sa trabaho
- Nagtatrabaho sa isang di-ligtas na lugar
- Hindi pinapayagang umalis sa lugar ng pinagtatrabahuhan o maiwanan ang ginagawa
- Doon nakatira sa lugar ng pinagtatrabahuhan
- Hindi pinapayagang makipag-usap sa ibang mga tauhan sa trabaho
- Hindi binabayaran ng tamang suweldo
- Binabayaran ng kakaiba sa parehong gawaing ginagawa ng ibang tao
- Pinagtatrabaho ng mahabang oras na kakaunti ang bigay ng mga araw na walang gawa
- Pagkakaroon ng malaking utang na kailangan mong bayaran
- Hindi makapagpatingin sa doktor o makapunta ng ospital
- Pinangakuan ng isang klaseng trabaho ngunit ibang trabaho naman ang ipinapagawa
- Ang iyong pasaporte at iba pang mga personal na dokumento ay itinatago ng taga-empleyo at hindi ka pinapayagang kunin ang mga ito kung gusto mong kunin

PAANO MAKAKAKUHA NG TULONG

Hindi ka nag-iisa at makakakuha ka ng tulong. Kung ikaw o may alam kang ibang tao na nakakaranas ng panlalamang, ang Anti-Slavery Australia ay makapagbibigay ng libre at kumpidensyal na pagpapayo tungkol sa batas. Maisasanguni ka rin namin sa iba pang mga ahensya para makakuha ng tulong.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa iyong mga karapatan sa trabaho at mga dapat matanggap (entitlements) tumawag sa Fair Work Ombudsman sa 13 13 94.

Sa mga dagling pangangailangan o kung ikaw ay nahaharap sa panganib, tumawag sa Tripleng 0 (000). Para sa pag-uulat ng posibleng krimen ng panlalamang tawagan ang Pulisyang Pederal ng Australya (Australian Federal Police) sa 131 237 (131 AFP).

Telepono: (+61 2) 9514 8115 | Email: antislavery@uts.edu.au | facebook.com/AntiSlaveryOz | antislavery.org.au